DOCUMENT RESUME

ED 405 230 SO 022 134

TITLE	Social Studies Introductory Level--Needs. Teacher's Guide & Resource Book = Araling Panlipunan: Intro--Pangangarlangn. Aug Patnubay Ng Guro at Hanguang Aklat.
INSTITUTION	Berkeley Unified School District, Calif. Asian American Bilingual Center.; California State Univ., Los Angeles. National Dissemination and Assessment Center.
SPONS AGENCY	Department of Education, Washington, DC.
PUB DATE	80
NOTE	442p.
PUB TYPE	Guides - Classroom Use - Teaching Guides (For Teacher) (052) -- Multilingual/Bilingual Materials (171)
LANGUAGE	English; Tagalog
EDRS PRICE	MF01/PC18 Plus Postage.
DESCRIPTORS	Affective Behavior; *Bilingual Education; Concept Formation; Curriculum Development; Elementary Education; Environmental Education; Exercise; Health Education; *Individual Development; *Interdisciplinary Approach; Nutrition; *Physical Health; *Social Studies; Teaching Guides; *Thematic Approach

ABSTRACT

This Pilipino teacher's guide is part of Berkeley, California Unified School District Asian American Bilingual Center's effort to foster the total growth of the child. To facilitate that growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas, including mathematics, reading and language arts, fine arts, and science, are organized. The four social studies themes are child, family, community, and natural environment. The themes reappear and expand through the curriculum from one text to the next and correlate to the concepts of identity, needs, and interaction. The Introductory Level is designed for pre-kindergarten and kindergarten children. Each level develops one or more aspects of a theme as the child moves from simple to complex ideas and from understanding of self to understanding of society. Unit 1 of the document, entitled "Physical Needs," develops concepts pertaining to the importance of good hygiene, exercise, and nutrition. Unit 2, "Emotional Needs," develops the themes "People need love and respect" and "Love and respect are demonstrated in many ways." The third and final unit, "Environmental Needs," examines the role of living and nonliving things in the environment and their interrelationships. The document includes an introduction, notes to the teacher, and a resource guide. (SG)

****
* Reproductions supplied by EDRS are the best that can be made *
* from the original document. *
****

SC022 134

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

ED 405 230

NEEDS
PANGANGAILANGAN

Social Studies

ARALING PANLIPUNAN

2

BEST COPY AVAILABLE

U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION
Office of Educational Research and Improvement
EDUCATIONAL RESOURCES INFORMATION CENTER (ERIC)
X This document has been reproduced as received from the person or organization originating it.
☐ Minor changes have been made to improve reproduction quality.
• Points of view or opinions stated in this document do not necessarily represent official OERI position or policy.

Asian American Bilingual Center

3

INTRO

NEEDS
PANGANGAILANGAN

Social Studies

ARALING PANLIPUNAN

4

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

Asian American Bilingual Center

National Dissemination and Assessment Center
California State University, Los Angeles, 5151 State University Drive, Los Angeles CA 90032

5

ACKNOWLEDGEMENTS

The Asian American Bilingual Center's Introductory Level social studies curriculum has resulted from the work of several people. The general conceptual framework was the product of Linda Fong and Cora Rodil. The three volumes were drafted by Linda Fong, Cora Rodil, Cynthia Bonta, and Jessica Ordona. Revisions were done by Lillian Poon, Karen Matsumoto, and Libby Chiu. Rosalyn Chan, Agapito Ramos, William Hames, May Liang, Chester Yoshida, and Wesley Senzaki worked on the illustrations. Editing and other production work was the collaborative effort of Pat Jang, Jose Y. Arcellana, Francis So, Gloria Garcia, Donna Chan, Cordell Yee, Mary Ann Castagnozzi, Joyce Ho, Emily Yu, Valerie Otani, Derek Chang, and Linda Wing.

© 1980 by the Berkeley Unified School District

The activity which is the subject of this publication was supported in whole or part by the Office of Education, U.S. Department of Health, Education, and Welfare. However, the opinions expressed herein do not necessarily reflect the position or policy of the Office of Education, and no official endorsement by the Office of Education should be inferred.

Developed by
ASIAN AMERICAN BILINGUAL CENTER
Berkeley, California

Published and distributed by
NATIONAL DISSEMINATION AND ASSESSMENT CENTER
California State University, Los Angeles
5151 State University Drive
Los Angeles, CA 90032

TALALAMANAN **CONTENTS**

Pambungad ..... vi ..... *Introduction*

Mga Tala para sa Guro ..... x ..... *Notes to the Teacher*

Ang Patnubay ng Guro ..... 1 ..... **The Teacher's Guide**

Yunit 1: Mga Pangangailangang Pangkatawan ..... 3 ..... Unit 1: Physical Needs

Pang-Isipang Pahayag I:
Mahalaga sa mabuting kalusugan ang sariling kalinisan at paghehersisyo.
Conceptual Statement I:
Personal hygiene and exercise are important to good health.

Pang-Isipang Pahayag II:
Ang pagkain ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.
Conceptual Statement II:
Food is a basic need of all people.

Pang-Isipang Pahayag III:
Ang pananamit ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.
Conceptual Statement III:
Clothing is a basic need of all people.

Pang-Isipang Pahayag IV:
Ang bahay ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.
Conceptual Statement IV:
Shelter is a basic need of all people.

Pang-Isipang Pahayag V:
Ang sasakyan ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.
Conceptual Statement V:
Transportation is a basic need of all people.

Yunit 2: Mga Pangangailangang Pandamdamin ..... 55 ..... Unit 2: Emotional Needs

Pang-Isipang Pahayag I:

Kailangan ng tao ang pagmamahal at paggalang.

Conceptual Statement I:

People need love and respect.

Pang-Isipang Pahayag II:

Ang pagmamahal at paggalang ay naipakikita sa maraming paraan.

Conceptual Statement II:

Love and respect are demonstrated in many ways.

Yunit 3: Mga Pangangailangang Pangkapaligiran ..... 73 ..... Unit 3: Environmental Needs

Pang-Isipang Pahayag I:

Bahagi ng kapaligiran ang mga nabubuhay na bagay.

Conceptual Statement I:

Living things are part of the environment.

Pang-Isipang Pahayag II:

Bahagi rin ng kapaligiran ang mga bagay na walang-buhay.

Conceptual Statement II:

Non-living things are part of the environment.

Pang-Isipang Pahayag III:

Ang mga nabubuhay at walang-buhay na bagay ay umaasa sa isa't isa.

Conceptual Statement III:

Living and non-living things depend on one another.

Hanguan ng mga Kagamitan ..... 121 ..... Resource Materials

PAMBUNGAD

Ang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay nagsisikap na pagyamanin ang pagsulong ng bata. Ang layuning ito ay nababatay sa paniniwala na ang pangkaisipang kalinangan ng bata ay hindi maihihiwalay sa kalinangang panlipunan, pandamdamin, at pangkatawan ng bata.

Upang mapadali ang pagsulong ng bata, ang Sentro ay pumili ng isang pamaraang interdisiplinaryo sa paglinang ng kurikulum. Kaya ang kurikulum ng Sentro ay pinagsama sa halip na hiwa-hiwalay sa mga tradisyonal na paksang larangan. Ang araling panlipunan ay napili upang maging buod ng kurikulum. Ang paksa at kaisipan ng araling panlipunan ang naging balangkas upang maitatag ang lahat ng larangan ng kapaksaan --matematika, sining ng wika/pagbasa, sining, at agham.

Ang apat na paksandiwa ng araling panlipunan ay: *Bata, Pamilya, Pamayanan,* at *Likas na Kapaligiran.* Ang mga paksandiwa ay lumilikaw, ang ibig sabihin, lumilitaw muli at lumalawak, sa kabuuan ng kurikulum mula sa isang antas hanggang sa susunod. Karagdagan nito, sa bawat baitang, isa o dalawang panig ng paksa ang binibigyang diin higit sa iba, habang ang bata ay unti-unting lumilipat mula sa payak hanggang sa masalimuot na kaisipan, at mula sa pag-unawa sa sarili hanggang sa pag-unawa sa lipunan.

Nakasama sa apat na paksandiwa ang mga kaisipang: *Pagkakakilanlan, Pangangailangan* at *Pakikisalamuha.*

12

Pagkakakilanlan

Mahalaga sa buhay ng bawat bata ang isang matatag at tiyak na pagtingin sa sarili. Ito ay mahalaga sa paglinang at pagsulong ng pangkaisipan, pandamdamin, panlipunan, at pangkatawang kakayahan ng bata. Ito ay nagmumula sa tiyak na pagkakilala ng bata sa kanyang pagiging isang taong bukod tangi, bilang isang miyembro ng kaniyang pamilya at pamayanan, at bilang isang kaanib sa kaniyang kultura at kasaysayan. Bunga nito ang paglinang ng isang batang may sariling pagpupunyagi, may kakayahang gumawa ng isang mariing impresiyon sa iba at sa kanyang kapaligiran sa isang malikhain, may pananagutan, at mabahalang gawi.

Pangangailangan

Ang isang batang may sariling-pangangasiwa ay maliwanag na napaghuhulo at nasusuri ang kanyang pangangailangan at kagustuhang pangkatawan, panlipunan, at pangkabuhayan. Sinasaliksik niya ang kanyang pantao at pampaligirang yaman at nasasanay siya sa paggamit nito upang matupad ang kanyang mga pangangailangan. Nalalaman ng bata kung paano nagtutulung-tulong ang mga tao at iba pang may buhay upang matupad ang mga pangangailangan ng bawat isa at makagawa nang mahusay sa ganoong tulung-tulong na pagsisikap.

13

INTRODUCTION

The Asian American Bilingual Center curriculum attempts to foster the total growth of the child. This goal is based on the belief that the child's cognitive development is inseparable from the child's social, affective and psychomotor development.

In order to facilitate the child's total growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Thus the Center curriculum is integrated rather than segmented into traditional subject areas. Social studies has been selected as the core of the curriculum design. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas--mathematics, reading/language arts, fine arts, and science--are organized.

The four social studies themes are: *Child, Family, Community,* and *Natural Environment.* These themes spiral, that is, reappear and expand, through the curriculum from one level to the next. At each level, one or more aspects of a theme are emphasized more than others as the child moves from simple to complex ideas and from the understanding of self to an understanding of society.

Correlated with the four themes are the concepts: *Identity, Needs,* and *Interaction.*

Identity

A strong and positive self-concept is a vital part of every child's life. It is integral to the development of the child's intellectural, emotional, social, and physical capabilities. It stems from the child's confident recognition of his/her uniqueness as an individual, as a member of his/her family and community, and as a participant in his/her culture and history. It results in the development of a self-determining child, one who is increasingly able to make decisions, solve problems, and make an impact on others and on the environment in a creative, responsible, and concerned manner.

Needs

A self-managing child clearly perceives and analyzes his/her physical, social, and economic wants and needs. S/he explores and becomes skilled in the use of his/her human and environmental resources in order to fulfill those needs. The child is knowledgeable about how people and other living things must work together to fulfill one another's needs and operates competently in that cooperative effort.

Interaction

In order to function effectively with people and within the environment, the child recognizes the necessity and value of interdependence. The child is aware of and respects the values, feelings, and rights of others. S/he understands the impact made upon him/her by others and by factors in the environment, and in turn is able to make an impact on them. The child is perceptive and analytical in his/her interactions. S/he deals with problems, conflicts, and changes with reason and initiative. Skilled in v bal and non-verbal communication, the child understands cause and effect, and collective decision making. The child's actions and interactions reflect his/her concept of him/herself as an individual and as a member of the community. They express his/her culture and history. Thus, it can be seen that *Identity, Needs,* and *Interaction* are closely interwoven.

Pakikisalamuha

Upang mabisang makibagay sa mga tao at sa kapaligiran, nakikilala ng bata ang pangangailangan at kahalagahan ng pagtutulungan. Nababatid at iginagalang ng bata ang kahalagahan, damdamin, at karapatan ng kapwa. Nauunawaan niya ang epekto sa kanya ng mga kapwa at ng mga sanhi sa kapaligiran. Bilang ganti, may epekto din siya sa kanila. Ang bata ay mapansinin at mapanuri sa kanyang mga pakikisalamuha. May katuwiran at kakusaan niyang hinaharap ang mga problema, salungatan, at pagbabago. Bihasa sa bigkasin at di-bigkasaing pagpapahayag, nauunawaan niya ang dahilan at epekto, at nanunungkulan at nagpapahalaga siya sa tulungan at sama-samang pagpapasiya. Ang mga kilos at pakikisalamuha ng bata ay naglalarawan ng kanyang pagtingin sa sarili bilang isang tao at isang kasapi ng pamayanan. Ipinahahayag nila ang kanyang kalinangan at kasaysayan. Kaya, makikita na tiyakang magkakaugnay ang *Pagkakakilanlan, Pangangailangan,* at *Pakikisalamuha.*

Ang nilalaman ng kurikulum sa loob ng mga itinatag na takdang-guhit ay damkulturalin na may Asyano-Amerikanong diin. Upang maitatag ang inaasahang bunga sa bawat yunit, natatanging pansin ang ibinigay sa paglakip ng mga kasanayan sa paglilinaw at pagsusuri ng mga kahalgahan, damdamin, at saloobin.

Nakapakete sa tatlong kit ang bawat antas ng kurikulum ng Sentro. Apat na antas ng mga kagamitang pangkurikulum ang nilinang para sa mababang paaralan. Ang programa para sa Panimulang Antas ay binalangkas para sa mga bata sa prekindergarten at kindergarten. Ang programa para sa Unang Antas ay naangkop para sa mga bata sa una at ikalawang grado, ang programa sa Ikalawang Antas para sa ikatlo at ikaapat na grado, at ang programa sa Ikatlong Antas para sa ikalima at ikaanim na grado. Dala ng bawat kit ang isa sa mga kalakhang kaisipan ng Sentro: Kit ng Pagkakakilanlan, Kit ng Pangangailangan, at Kit ng Pakikisalamuha. Bawat kit ay naglalaman ng:

1. patnubay ng guro at hanguang aklat
2. hanbuk sa matematika ng guro
3. hanbuk sa sining ng wika
4. gawaing-aklat sa matematika
5. gawaing-aklat sa sining ng wika
6. batayang babasahin
7. tangkas ng mga plaskard
8. tangkas ng mga tsart
9. tangkas ng mga kuwentong-aklat

Bawat antas ng kurikulum ng Sentro, samakatuwid, ay binubuo ng mahigit sa tatlumpung produkto.

The content of the curriculum within the guidelines established above is multicultural with an Asian American emphasis. In establishing what the student is expected to learn in each unit, particular attention has been given to clarifying and analyzing values, feelings, and attitudes.

The Center's curriculum is packaged into three kits per level. Four levels of curriculum materials have been developed for the elementary grades. The Introductory Level program is designed for prekindergarten and kindergarten children. The Level One program is suitable for students in grades one and two, the Level Two program for grades three and four, and the Level Three program for grades five and six. Each kit carries the name of one of the Center's major concepts: Identity Kit, Needs Kit, and Interaction Kit. In general, each kit contains:

1. a teacher's guide and resource book
2. a teacher's math handbook
3. a teacher's language arts handbook
4. a student math workbook
5. a student language arts workbook
6. a basal reader
7. a set of flashcards
8. a set of charts
9. a set of storybooks

Each level of the Center's curriculum, therefore, consists of more than thirty products.

MGA TALA PARA SA GURO

Ang pinagsama-samang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay naglalaman ng tatlong bahagi: matematika, mga sining ng wika, at mga araling panlipunan. Kung ang interdisiplinaryong pampagkatutong kapaligiran ay ilalaan para sa mga mag-aaral, kinakailangan gamitin ng guro ang lahat na tatlong bahagi. Sa ganitong paraan lamang maitututuro sa mga bata nang maugnayin at makabuluhan ang nilalaman, mga kaisipan, mga batayang kasanayan at paglinang sa wika. Gayundin, ipinakete ng Sentro ang mga kagamitan sa isang paraang madaling maiaakma ng guro ang mga ito sa mga pansariling pangangailangan ng mga bata sa iba't ibang pampagtuturong pamamaraan.

Ang mga araling panlipunang bahagi ng kurikulum ay kinabibilangan ng mga kagamitan sa araling panlipunan, sining, at araling pangkapaligiran na nakapakete sa mga patnubay at hanguang aklat ng guro, mga kuwentong-aklat, at mga tsart. Tatlong kit--Pagkakakilanlan, Pangangailangan, at Pakikisalamuha--ay inilalaan para sa bawat antas ng kurikulum. Ang bawat kit ay naglalaman ng isang set ng mga kagamitang nakalista. Sa humigit-kumulang na tatlumpung minutong pagtuturo bawat araw, tatlumpung linggo ang kailangan upang matapos ang mga kagamitan sa tatlong kit, o mga sampung linggo sa bawat kit.

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat, na isinaayos sa mga yunit, ang bumubuo ng batayan ng bahaging araling panlipunan. Ang mga yunit sa Panimulang Antas ng Pangangailangan ay (I) Mga Pangangailangang Pangkatawan, (II) Mga Pangangailangang Pandamdamin, at (III) Mga Pangangailangang Pangkapaligiran. Ang mga ito ay apat na linggo, dalawang linggo, at apat na linggo ang tagal, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang bawat yunit ay nahahati sa mga *pang-isipang pahayag*. Ang mga pang-isipang pahayag ay mga paglalahat ng kaisipan at nilalamang diin ng kurikulum. Bawat pang-isipang pahayag ay may kasamang mga *pampagkatutong layunin* na nagbibigay ng higit na tiyak na kabatiran tungkol sa saklaw at pagkakasunud-sunod ng mga sakop na paksa.

Ang mga pampagkatutong layunin naman ay naisasagawa sa mga *gawain* sa silid-aralan. Sa bawat gawain, ang mga *panggampaning layunin* ang nagpapakilala ng mga kasanayang binibigyan ng diin. Ang mga panggampaning layunin ay karaniwang isinaayos mula sa mababa hanggang sa matataas na mga kognitibong antas at kasama rin ang mga tunguhing pandamdamin.

Kasunod ng mga panggampaning layunin ang isang talaan ng mga *kagamitan* na kinakailangan upang maisagawa ang mga gawain. Ito ay binagtas-sangguni sa mga hanguang kagamitang bahagi sa likod ng patnubay ng guro. Ang mga gawaing papel, mga papel-pangmusika, mga gawaing aklat, mga laro, mga pampagtuturong larawan, at iba pang mga kagamitan ay dapat alisin sa mga butas-butas at ihanda para sa pansilid-aralang gamit.

Mga Kuwentong-Aklat

Dalawang kuwentong-aklat na babasahin nang malakas sa mga bata ang kasama sa Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat. Ipinaliwanag sa patnubay ang mga paraan ng talakayan at iba pang mga kuwentong-aklat na mga gawain.

Mga Tsart

Mayroon ding tatlong 56 sm. x 71 sm. na walang wikang tsart bilang pantulong na pangmata para sa mga tiyak na gawain.

NOTES TO THE TEACHER

The Asian American Bilingual Center's integrated curriculum contains three componets: mathematics, language arts, and social studies. If an interdisciplinary learning environment is to be provided for the students, it is essential that the teacher use all three components. Only thus can content, concepts, basic skills, and language development be imparted to the children in a cohesive and meaningful way. At the same time, the Center has packaged the materials in such a way that the teacher can easily adapt them to the individual needs of the children and to different instructional techniques.

The social studies component of the curriculum includes social studies, fine arts, and environmental studies materials packaged into a teacher's guide and resource book, storybooks, and charts. Three kits--Identity, Needs, and Interaction--are provided for each curriculum level. Each kit contains a set of the materials listed. At an average of thirty minutes of instruction a day, thirty weeks are needed to cover the materials in all three kits, or about ten weeks for each kit.

The Teacher's Guide and Resource Book

The Teacher's Guide and Resource Book, organized by units, forms the basis of the social studies component. The units in the Introductory Level Needs Teacher's Guide are (I) Physical Needs, (II) Emotional Needs, and (III) Environmental Needs. They are four weeks, two weeks, and four weeks long, respectively.

Each unit is divided into *conceptual statements*. Conceptual statements are generalizations of the concept and content emphasis of the curriculum. Each conceptual statement is accompanied by *learning objectives* which give more specific information about the scope and sequence of the topics covered.

The learning objectives in turn are achieved through classroom *activities*. For each activity, *performance objectives* indicate the skills emphasized. The performance objectives are generally arranged from low to high cognitive levels and include affective goals as well.

A list of *materials* needed to implement the activities follows the performance objectives. It is cross-referenced to the *resource materials* section at the back of the teacher's guide. The worksheets, music sheets, activity books, games, teaching pictures, and other materials should be removed along the perforations and prepared for classroom use.

Storybooks

Two storybooks to be read aloud to the children accompany the Teacher's Guide and Resource Book. Discussion strategies and other storybook activities are explained in the guide.

Charts

Three 56 cm. x 71 cm. language-free charts are also provided as visual aids for specified activities.

TEACHER'S GUIDE

ANG PATNUBAY NG GURO

YUNIT 1 :
Mga Pangangailangang Pangkatawan

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Mahalaga sa mabuting kalusugan ang sariling kalinisan at paghehersisyo.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang pagkain ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.

PANG-ISIPANG PAHAYAG III

Ang pananamit ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.

PANG-ISIPANG PAHAYAG IV

Ang bahay ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.

PANG-ISIPANG PAHAYAG V

Ang sasakyan ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.

UNIT 1 :
Physical Needs

CONCEPTUAL STATEMENT I

Personal hygiene and exercise are important to good health.

CONCEPTUAL STATEMENT II

Food is a basic need of all people.

CONCEPTUAL STATEMENT III

Clothing is a basic need of all people.

CONCEPTUAL STATEMENT IV

Shelter is a basic need of all people.

CONCEPTUAL STATEMENT V

Transportation is a basic need of all people.

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Mahalaga sa mabuting kalusugan ang sariling kalinisan at paghehersisyo.

Pampagkatutong Layunin

Malalaman ng bata ang kahalagahan ng sariling kalinisan at paghehersisyo.

Mga Gawain 1 - 2

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT I

Personal hygiene and exercise are important to good health.

Learning Objective

The child will learn the importance of personal hygiene and exercise.

Activities 1 - 2

Culminating Activity

Pampagkatutong Layunin

Malalaman ng bata ang kahalagahan ng sariling kalinisan at paghehersisyo.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Malaman ang tamang pagsisipilyo ng ngipin.
2. Talakayin kung ano ang ginagawa ng dentista.
3. Talakayin kung ano ang ginagawa ng doktor.
4. Sabihin kung bakit ang palagiang pagpapatingin ay mahalaga.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga Larawang Araling Asyano-Amerikano at Manwal ng Guro:
"Soo Nam Oh, Dentista"
"Jenny Batongmalaque, Doktor"

Iba pa 1. Malaking modelo ng ngipin at malaking sipilyo
2. Stethoscope

Mga panuto

1. Awitin ang sumusunod sa tono ng "Here We Go Round the Mulberry Bush," habang isinasagawa ang bawat kilos:

   Umikot tayo sa pagsisipilyo ng ngipin, paglilinis ng tainga, at sa ating pagsinga.

   Umikot tayo sa pagsusuklay ng buhok, paliligong mabango, paggugupit ng kuko.

   Umikot tayo sa pagbibihis ng damit at iba pang gawang kanais-nais.

   Pag-usapan ang bawat kilos sa awit at tukuyin ang iba't ibang bagay na kailangan. Ipasabi sa mga bata ang kahalagahan ng bawat kilos sa mabuting ugaling pangkalusugan.

2. Itanghal ang mga larawan mula sa mga Larawang Araling Asyano-Amerikano. Basahin nang malakas ang mga paliwanag sa "Soo Nam Oh, Dentista." Gamitin ang Larawang Araling Asyano-Amerikanong Manwal ng Guro para sa mga himaton sa pagbuo ng talasalitaan at mga katanungan para sa talakayan. Hayaan ang mga batang suriin ang bawat larawan at talakayin ang iba't ibang gawain at pananagutan ng isang dentista.

3. Ilabas ang malaking modelo ng ngipin at isang malaking sipilyo upang ipakita sa mga bata kung paano ang wastong paraan ng pagsisipilyo. Papuntahin sa harapan ang mga magkukusa at pagsanayin.

4. Basahin ang mga paliwanag sa "Jenny Batongmalaque, Doktor." Gamit ang Manwal ng Guro, talakayin ang mga pananagutan ng isang doktor at ang pakikitungo sa kaniyang mga pasyente.

   Itala sa pisara ang mga ugali ng mabuting kalusugan na inilarawan ni Dr. Jenny, lalo na iyong pagkakaroon ng sapat na pahinga. Tulungan ang mga bata sa paggawa ng tsart na naglilista ng kanilang mga oras ng pagtulog at paggising. Tuusin ang mga bilang ng oras na itinutulog ng bawat isa. Pag-usapan kung ano ang nararamdaman natin kapag kulang tayo sa tulog. Bigyan ng pansin na ang iba't ibang tao ay nangangailangan ng iba't ibang oras ng pagtulog.

Learning Objective

The child will learn the importance of personal hygiene and exercise.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Brush teeth correctly.
2. Discuss what a dentist does.
3. Discuss what a doctor does.
4. Tell why regular check-ups are important.

Materials

AABC 1. Asian American Study Prints, "Soo Nam Oh, Dentist" and "Jenny Batongmalaque, Doctor"

Other 1. Large model of teeth and large toothbrush
2. Stethoscope

Instructions

1. Sing "Here We Go 'Round the Mulberry Bush." Substitute phrases, such as "to brush our teeth," "to clean our ears," "to blow our nose," "to comb our hair," "to take a bath," "to cut our nails," and "to change our clothes," for "the mulberry bush," while acting out the motions of each action.

   Discuss each action in the song and refer to the different items needed. Have the children point out the importance of each action to good health habits.

2. Display the pictures from the Asian American Study Prints. Read aloud the captions from "Soo Nam Oh, Dentist." Use the Asian American Study Prints Teachers Manual for clues on vocabulary-building and questions for discussion. Allow the children to examine each picture and discuss the different tasks and responsibilities of a dentist.

3. Bring out the large model of teeth and a large toothbrush to show the children how to brush their teeth correctly. Have volunteers come up and practice.

4. Read the captions from "Jenny Batongmalaque, Doctor." Using the Teachers Manual, discuss the responsibilities of doctors and their attitude toward their patients.

   List on the board the good health habits that Dr. Jenny describes, especially getting enough rest. Help the children make a chart listing their bedtimes and wake-up times. Compute the number of hours that each sleeps. Discuss how they feel when they lack sleep. Note that different people need different amounts of sleep.

5. Ipalarawan sa mga bata ang kanilang nararamdaman kapag pumupunta sila sa doktor o dentista. Tulungan ang mga batang maunawaan na ang mga manggagamot ay mapagkaibigan at gustong matulungan ang mga taong manatiling malusog. Sina Dr. Jenny at Dr. Oh ay mabubuting halimbawa ng mga ganitong tao.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Banggitin at isagawa ang iba't ibang hersisyo.
2. Sabihin kung bakit mahalaga ang paghehersisyo.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Isinaplakang hersisyo tulad ng "Chairman Mao's Four-Minute Exercises"

Mga panuto

1. Paglaruin ang mga bata ng Sundan ang Pinuno gamit ang iba't ibang mga hersisyong, tulad ng pagtalon, paglukso, paglundag, pagtakbo, atbp.

2. Ituro sa mga bata ang isinaplakang hersisyo tulad ng isinaplakang hersisyo ni Chairman Mao.

Patugtugin ang plaka nang minsan para makinig ang mga bata. Ipakita ang mga hersisyo ng walang gamit na plaka at pagkatapos ay may gamit na plaka.

Ituro sa mga bata ang pinakasimpleng paraan ng hersisyo. Ituro ang ilang hersisyo sa isang araw hanggang sa matutuhan ang lahat. Pagkatapos ay isasagawa araw-araw ng mga bata ang hersisyo.

3. Talakayin sa mga bata kung bakit ang paghehersisyo ay mahalaga upang mapanatiling nasa kundisyon ang mga kalamnan, manatiling maayos, palakasin ang puso, maging mabuti ang pakiramdam.

PAGTITINING NA GAWAIN

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Sumali sa ilang laro ng takbuhan.
2. Tumulong sa pagtatatag ng isang mini-Olympics.
3. Magpasiya na ang pagpapatingin, pahinga, at paghehersisyo ay mga mahalagang ugaling pangkalusugan.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Mga Manlalarong Asyano" (122-123)

Iba pa 1. Mga larawan sa magasin ng Olympics at ibang mga manlalaro, kasama ang mga Asyano at mga babae
2. Mga gantimpalang pang-Olympics na inihanda ng guro

5. Ask the children to describe their feelings when they visit a doctor or dentist. Help the children understand that medical professionals are friendly people who want to help people stay healthy. Dr. Jenny and Dr. Oh are good examples of such people.

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Name and perform different exercises.
2. Tell why exercise is important.

Materials

Other 1. Exercise recording, such as "Chairman Mao's Four-Minute Exercises"

Instructions

1. Have the children play Follow the Leader using a variety of gross motor exercises, such as hopping, skipping, jumping, and running.

2. Introduce the children to an exercise recording, such as "Chairman Mao's Four-Minute Exercises."

   Play the recording once for the children to listen to. Demonstrate the exercises without the recording and then with the recording.

   Teach the exercises to the children in simplified form. Teach a few exercises a day until all are learned. Thereafter do the exercises daily with the children.

3. Discuss with the children why exercise is important to keep muscles in condition, stay trim, strengthen the heart, and feel good.

CULMINATING ACTIVITY

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Engage in certain track and field events.
2. Help organize a mini-Olympics.
3. Conclude that check-ups, rest, and exercise are important health habits.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "Asian Athletes" (I22-I23)

Other 1. Magazine pictures of Olympic and other athletes, including Asians and women
2. Teacher-prepared Olympic awards

BEST COPY AVAILABLE

Mga panuto

1. Kopyahin at ipamahagi ang mga pampagtuturong larawan, "Mga Manlalarong Asyano." Pakulayan sa mga bata ang mga larawan. Basahin nang malakas para sa klase ang mga paliwanag. Talakayin ang bawat pampagtuturong larawan.

2. Tulungan ang klaseng magtatag ng isang mini-Olympics. Maglagay ng magkakaibang laro kung kinakailangan, tulad ng paghagis ng bola sa halip ng pagpukol ng bolang bakal.

3. Pagkalooban ng gantimpala ang mga nanalo, pagsikapang mabigyan ang bawat bata ng ibang uri ng gantimpala (maaaring maging tagumpay ito ng mga koponan). Bigyang diin na ang laro ay kasiya-siya para sa paghehersisyo at sa pagkakaroon ng pagkakataong makipaglaro sa mga kaibigan. Hindi lamang paligsahan ang dapat na maging layunin nito.

4. Tulungan ang mga batang magpasiya na ang kalinisang pansarili at paghehersisyo ay mahalaga sa mabuting kalusugan.

Instructions

1. Reproduce and distribute the teaching pictures, "Asian Athletes." Have the children color the pictures. Read the short captions aloud for the class. Discuss each teaching picture.

2. Help the class organize a mini-Olympics. Develop variations of events when necessary, such as ball-throw instead of shot put.

3. Award the winners, making every effort that each child receives an award of some kind (team sports may insure this). Stress that sports are fun for the exercise and the opportunity to play with friends. Winning should not become the only goal.

4. Help the children conclude that personal hygiene and exercise are important to good health.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang pagkain ay isang pangunahing pangangailangan ng lahat ng tao.

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata ang pagkakaiba ng mga pagkaing masustansiya at hindi masustansiya.

Mga Gawain 1 - 3

Pagtitining na Gawain

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata ang tungkol sa mga pinagkukunan ng pagkain.

Mga Gawain 4 - 5

Pagtitining na Gawain

Pampagkatutong Layunin 3

Malalaman ng bata kung paano nabibigyan ng pagkain ng mga iba't ibang manggagawa ang mga tao.

Gawain 6

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT II

Food is a basic need of all people.

Learning Objective 1

The child will learn the difference between foods that are nutritious and those that are not.

Activities 1 - 3

Culminating Activity

Learning Objective 2

The child will learn about the sources of food.

Activities 4 - 5

Culminating Activity

Learning Objective 3

The child will learn how different workers provide people with food.

Activity 6

Culminating Activity

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata ang pagkakaiba ng mga pagkaing masustansiya at hindi masustansiya.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Sabihin ang apat na pangunahing pangkat ng mga pagkain (karne, produkto ng pagatasan, bungang butil, mga prutas/mga gulay).
2. Uriin ang mga karaniwang pagkain ayon sa mga pangunahing pangkat ng pagkain.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga kard ng mga larawan ng pagkain (I24-I31)
2. Tsart, "Mga Pangunahing Pangkat ng Pagkain"

Iba pa 1. Pagtatanghal ng pagkain

Mga panuto

1. Magtanghal ng mga pagkaing karaniwan para sa mga pagkain ng mga bata. Samahan ng mga halimbawa mula sa apat na pangunahing pangkat. Samahan din ng mga masustansiyang pangmiryenda at mga sitsirya. Isama ang mga pagkaing tulad ng mike, o bigas, petsay, toge, atbp.

   Ipabigay sa mga bata ang mga pangalan ng mga pagkaing nakikita nila. Pagkatapos ay magtanong:

   a. Magkatulad ba ang ilan sa mga pagkain?
   b. Bakit ninyo papangkatin ang mga iyon sa ganyang paraan?

2. Sabihin ang mga pangunahing pangkat ng pagkain; gamitin ang tsart bilang pamatnubay. Ipaliwanag na halos lahat ng mga pagkain ay kasama sa isa sa apat na pangkat batay sa pinagkunan at sustansiyang taglay ng mga ito (halimbawa, ang karne ay galing sa mga hayop; nagtataglay ang mga ito ng protina).

3. Idikit ang tsart sa dingding. Sa tabi ng bawat pangkat ng pagkain, idikit ang isang sobreng maaaring maglaman ng ilang mga kard ng larawan ng pagkain. Bigyan ang bawat bata ng dalawang kard ng larawan ng pagkain at paghali-halilihin sila sa paglalagay ng mga kard sa tamang sobre.

   Pagkatapos ng pag-uuri-uring pagsasanay, ipasabi sa mga bata ang mga pangalan ng ibang mga pagkaing maaaring isama sa mga pangunahing pangkat ng pagkain at ipaliwanag kung bakit.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Ipaliwanag kung ano ang mga sitsiryang pagkain.
2. Magbigay ng isang epekto ng pagkain lamang ng mga sitsirya.
3. Pangkatin ang mga pagkain sa isang timbang na pagkain.

Learning Objective 1

The child will learn the difference between foods that are nutritious and those that are not.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Name the four basic food groups (meat, dairy products, cereals, fruits/vegetables).
2. Classify commonly eaten food according to the basic food groups.

Materials

AABC 1. Food Picture Cards (I24-I3I)
2. Chart, "Basic Food Groups"

Other 1. Food display

Instructions

1. Put together a display of food commonly found in a child's diet. Include samples from the four basic groups. Include nutritious snack food and "junk" food as well. Include foods such as noodles or rice, bok choy, soy bean sprouts, etc.

Ask the children to name the foods that they see. Then ask:

a. Are some of these foods similar?
b. Why would you group them that way?

2. Name the basic food groups, bringing out the chart to use as a guide. Explain that most foods belong to one of the four groups, based on their origin and nutritional value (for example, meat comes from animals; it contains protein).

3. Tape the chart to the wall. Beside each food group, tape an envelope large enough to hold a number of food picture cards. Give each child two food picture cards and have them take turns placing the cards in the appropriate envelope.

   After the classification exercise, ask the children to name other foods which might be included in the basic food groups and to explain why.

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Explain what "junk" food is.
2. State one effect of eating only "junk" food.
3. Group food into a balanced meal.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Pagtatanghal ng mga masustansiya at di-masustansiyang pagkain
2. Mga larawan ng pagkain sa magasin
3. May kulay na papel-panggawain

Mga panuto

1. Tipunin ang mga batang paikot sa mga nakatanghal na pagkain. Ipakilala sa kanila ang mga masustansiya at di-masustansiyang pagkain.

2. Talakayin ang mga epekto ng pagkain ng di-masustansiyang pagkain. Itanong ang mga "kung sakaling" tanong, tulad ng "Kung sakali at kumakain kayo ng maraming kendi araw-araw, anong mangyayari sa inyong ngipin? Bakit?"

3. Papangkatin ng mga bata ang mga pagkaing para sa agahan, tanghalian at hapunan. Tulungan silang magpasiya na ang timbang na pagkain ay nagtataglay ng mga bagay mula sa bawat mga pangunahing pangkat ng pagkain.

4. Bigyan ang mga bata ng magasin at ilang may kulay na papel-panggawain upang gumawa ng isang muntaklat ng larawan. Palagyan ng pamagat na "Mga Masustansiyang Pagkain" ang isang pahina at "Mga Di-Masustansiyang Pagkain" iyong isa. Pagupitin ang mga bata ng mga larawan mula sa mga magasin at ipadikit sa tamang pahina. Pagkatapos ng mga bata, ipakita nila sa isa't isa ang kanilang ginawa at ipaliwanag ang kanilang mga pagkakapili.

GAWAIN 3

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang tatlong putaheng pagkain na masustansiya.
2. Kilalanin ang panlahing pinagmulan ng mga pagkaing iyon.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mga sangkap para sa pansit, *kooksoo*, at *udon*
2. Kawali, kaserola, malaking kutsara, koladera at kutsilyo

Para sa kaalaman ng guro

1. Ang pansit sa Pilipino ay may pinakuluan, pinatulo, at iginisang mike sa hipon at gulay. Nilalagyan ito sa ibabaw ng sibuyas na mura at tinitimplahan ng patis at kalamansi.

2. Ang *kooksoo* ng Koreano ay may tuyong mike na inihalo sa malapot na langis na may paminta at mga buto ng sesame, nilalagyan sa ibabaw ng mga gulay, piniritong karneng baka, at mga hiniwang itlog na nilaga.

3. Ang *udon* ng Hapones ay may pinakuluang mike sa sopas at nilalagyan sa ibabaw ng mga gulay, fish cake, at hiniwang nilagang itlog, at toyong pantimpla.

Materials

Other
1. Food display of wholesome and unwholesome foods
2. Magazine pictures of food
3. Color construction paper

Instructions

1. Ask the children to gather around the food display. Have the children identify the foods that are nutritious and those that are not.

2. Discuss the effects of eating unwholesome foods. Ask hypothetical questions such as, "If you ate lots of candy every day, what would happen to your teeth? Why?"

3. Have the children group foods in terms of breakfast, lunch, or dinner. Assist them in concluding that a balanced meal consists of items from each of the basic food groups.

4. Give each child a magazine and some color construction paper to make a picture booklet. Ask them to title one page, "Yum Foods," and the other page, "Yuk Foods." Instruct the children to cut out pictures of different foods from magazines and paste them on the appropriate page. When the children are finished, ask them to share their work and to explain their choices.

ACTIVITY 3

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify three one-dish meals that are nutritious.
2. Identify the ethnic origins of those dishes.

Materials

Other
1. Ingredients for *pansit, kooksoo,* and *udon* (see below)
2. Pan, saucepan, big spoon, colander, and knife

For teacher information

1. The Filipino dish *pansit* (*pahn-SIT*) consists of boiled, drained and pan-fried noodles cooked with small shrimps and vegetables. It is topped with green onions and sprinkled with *patis* and lemon juice.

2. The Korean dish *kooksoo* (*COOK-sue*) consists of dry noodles mixed with a peppery paste of oil and sesame seeds, topped with vegetables, browned beef and slices of boiled egg.

3. The Japanese dish *udon* (*oo-DOHN*) consists of noodles boiled in a soup base and topped with vegetables, fish cake and boiled egg slices, with soy sauce for seasoning.

Mga panuto

1. Ipaliwanag sa mga bata na maraming timbang na pagkain na isang putahe lamang tulad ng chow mein. Sabihin sa kanilang sa tatlong iba-ibang araw, magluluto sa klase ng tatlong putaheng may iba-ibang panlahing pinagmulan. Humingi ng tulong sa mga magulang sa pagluluto ng putaheng alam nila.

2. Sa pagsisimula ng bawat pagluluto, kilalanin ang putaheng lulutuin at ang panlahing pinagmulan. Ipaliwanag kung paano kinakatawan ang apat na pangunahing pangkat ng mga pagkain, sa mga sangkap ng bawat putahe.

   Sa pagluluto ng pansit, ibabad ang **bihon** nang ilang minuto; pakuluan hanggang sa lumambot; patuluin. Hiwain nang maliliit ang **karots**, gayatin ang **repolyo** at putul-putulin ang **sibuyas na mura**. Balatan ang **hipon** at igisa sa kaunting **mantika**, ilang butil na **bawang, paminta** at **asin**. Ilagay ang repolyo, karots at sibuyas na mura. Ilagay ang bihon at patuloy na haluin sa kawali. Dagdagan nang kaunting tubig at pasingawin hanggang sa halos matuyo. Ihain nang mainit.

   Sa pagluluto ng *kooksoo*, pakuluan ang **kooksoo** at patuluin. Ilaga ang **itlog**, gayatin nang maliliit ang **karots** at **repolyo**. Papulahin ang **karneng baka**. Paghaluhaluin ang lahat ng mga sangkap sa kaserola at lutuin. Alisin sa apoy at ihalo sa **maanghang na palapot**. Ihain nang mainit.

   Sa pagluluto ng *udon*, gayatin ang **fish cake, sibuyas na mura** at **repolyong Intsik**. Ilaga ang **itlog** at hiwain. Pakuluin ang tubig at ilagay ang udon. Idagdag ang

repolyong Intsik. Huwag lutuin nang matagal. Lagyan ng hiniwang itlog na nilaga, hiniwang fish cake, pantimpla at sariwang sibuyas sa ibabaw. Ihain nang mainit. Lagyan ng **toyong** pantimpla.

3. Pagkatapos ng pagluluto, itanong sa mga bata kung paanong ang bawat putahe ay isang timbang na pagkain. Magtanong din kung mayroon silang ibang nalalamang isang putaheng timbang na pagkain (tulad ng taco o hamburger).

PAGTITINING NA GAWAIN

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Gamitin ang nalalaman niya sa pagpili ng mga masustansiyang pagkain para sa isang timbang na pagkain.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mga larawan sa magasin ng karneng baka, manok, baboy, isda, produkto ng pagatasan, mga butil, tinapay, bigas, mike, mga prutas, mga gulay, pagkaing pangmiryenda, matamis, pagkaing sitsirya, atbp.
2. Perang papel

Mga panuto

1. Tulungan ang mga batang magtayo ng isang tindahan ng groseri gamit ang limang desk at mga larawan sa magasin ng iba't ibang grosering bagay mula sa mga pangunahing pangkat ng pagkain.

Instructions

1. Explain to the children that many balanced meals can have only one dish, such as chow mein. Tell them that on separate days, three one-dish balanced meals of different ethnic origins will be prepared in class. Ask parents to help prepare the dishes they are familiar with.

1. Teaching picture, "Moving" (I65-I66)
2. Puzzles, "Transportation Puzzles" (I67-I69)

Instructions

1. To prepare the puzzles, mount, color and cut out the boat, plane, and car. Also cut along the dotted lines within each picture.

   Mix the pieces of each puzzle and have the children reconstruct the boat, plane, and car.

   Discuss how each form of transportation is used.

2. Distribute the teaching picture, "Moving." Discuss the different ways that people carry loads.

3. Have the children draw pictures of what they imagine transportation will be like in the future.

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata kung paanong ang sasakyan ay napagtatagpo-tagpo ang mga tao upang matuto ng mga bagong kaalaman.

GAWAIN 4

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na.
1. Ilarawan ang isang karanasan sa paglalakbay.

Mga panuto

1. Ipabahagi sa mga bata ang kanilang mga karanasan sa paglalakbay mula sa isang lugar hanggang sa iba. Sa pagtalakay, isama ang mga paglalakbay sa pagbabakasyon at mga paglalakbay sa pangingibang-bayan at pandarayuhan.

   Buurin na ang sasakyan ay napaglalakbay nang maayos ang mga tao mula sa isang lugar hanggang sa iba, na maaaring pumili ng uri ng sasakyan ang mga tao (eroplano sa halip ng bangka) at may kasiyahang nadarama sa daan sa pagkakaroon ng mga bagong kaibigan at pagkakita sa mga bagong pook.

GAWAIN 5

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Ipakita ang mga malalayong agwat at malalayong mga lugar sa paggamit ng isang globo at/o mapa.
2. Isadula ang isang paglalakbay sa isang bagong lugar.

Mga kagamitan

AABC 1. Panggawang kagamitan, 'Mga Sumbrero" (170-174)
Iba pa 1. Mga kahon, malalaki para maupuan ng bata

Mga panuto

1. Mag-ayos ng isang paglalakbay sa airport, sa piyer o sa estasyon ng tren. Pagkatapos, talakayin ang mga sasakyan at mga tauhang nakita ng mga bata.

2. Gamit ang mga panggawang kagamitan, "Mga Sumbrero," tulungan ang mga bata sa paggawa ng iba't ibang sumbrerong pansasakyan.

3. Ipasuot sa mga pangkat ng mga bata ang kanilang mga sumbrero at gamitin ang mga kahon bilang mga sasakyan upang pumunta sa isang likha sa isip na paglalakbay.

Learning Objective 2

The child will learn how transportation enables people to meet each other and to learn new things.

ACTIVITY 4

Performance Objective

The child will be able to:
1. Describe a travel experience.

Instructions

1. Ask the children to share their experiences of travelling from one place to another. In the discussion, try to include a vacation trip and a trip for the purpose of migration or immigration.

   Summarize that transportation enables people to travel from place to place efficiently, that people can choose one form of transportation over another (a plane instead of a boat), and that fun can be had along the way by meeting new friends and seeing new places.

ACTIVITY 5

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Indicate long distances and identify faraway places with the use of a globe and/or map.
2. Role play a trip to a new place.

Materials

AABC 1. Construction material, "Hats" (170-174)

Other 1. Boxes large enough for a child to sit in

Instructions

1. Arrange a field trip to an airport, harbor, or train station. Afterwards, discuss the vehicles and personnel that the children saw.

2. Using the construction material, "Hats," assist the children in making the different transportation hats.

3. Ask groups of children to put on their hats and use the boxes as vehicles to go on an imaginary voyage.

Pampagkatutong Layunin 3

Malalaman ng bata ang mga tungkulin ng mga taong naglalakad at iba pang mga manlalakbay.

GAWAIN 6

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Iugnay ang senyas na berde sa "lakad" at ang senyas na pula sa "hinto."
2. Ipakita ang ligtas na paraan ng pagtawid sa mga kalye.
3. Hulaan kung ano ang mangyayari kung hindi masusunod ang mga tuntuning pantrapiko.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Inihanda ng gurong mga senyas pantrapiko

Mga panuto

1. Sa paggawa ng senyas pantrapiko, ilimbag ang "Hinto" sa isang pirasong mala-kartolinang pula at "Lakad" sa isang pirasong mala-kartolinang berde at idikit ang mga ito na nakaanggulong pakuwadro sa isa't isa sa dulo ng isang mahabang patpat.

2. Paglaruin ang mga bata ng isang larong pantrapiko. Guhitan ng tsok ang sahig upang maipakita ang sangandaan.

   Ilagay ang mga senyas na pantrapiko sa gitna ng sangandaan.

   Bumuo ng mga pangkat sa mga bata ng mga nagmamaneho, nagbibisikleta at mga taong naglalakad at papuntahin sila sa kani-kanilang mga dapat tayuan sa sangandaan.

   Paandarin ang mga senyas pantrapiko at pagalawin nang naaayon ang mga bata. Hayaan silang magpalit-palit ng mga papel na ginagampanan upang ang bawat bata ay maging isang nagmamaneho, nagbibisikleta at naglalakad na tao. Iba't ibang bata rin ang pahawakin ng mga senyas.

   Tiyaking maiwasto ang anumang pagkukulang sa pagsunod sa mga senyas.

3. Talakayin kung ano ang mangyayari kapag ang bawat isa ay nagwalang-bahala sa mga senyas na pantrapiko.

4. Paglaruin ang mga bata ng larong "Pulang Ilaw, Berdeng Ilaw," na lumalakad sila mula sa isang sulok ng silid papunta sa kabila, tumutuloy kapag ang senyas pantrapiko ay nagsasabing "Lakad" at tumitigil kapag sinabi ng senyas na "Hinto." (Kapag may sinumang gumalaw, ang batang iyon ay labas na sa laro.) Ipagpatuloy hanggang sa isa na lamang ang matira.

Learning Objective 3

The child will learn the responsibilities of pedestrians and other travelers.

ACTIVITY 6

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Associate a green signal with "go" and a red signal with "stop."
2. Demonstrate the safe way of crossing streets.
3. Predict what would happen if traffic rules were ignored.

Materials

Other 1. Teacher-prepared traffic signal

Instructions

1. To construct the traffic signal, print "stop" on a piece of red tagboard and "go" on a piece of green tagboard, and mount them at right angles to each other at the end of a long stick.

2. Have the children play a traffic game. Draw lines on the floor with chalk to represent an intersection. Place the traffic signal in the middle of the intersection.

   Form groups of motorists, cyclists, and pedestrians among the children and have them assume their respective positions at the intersection.

   Operate the traffic signal and have the children move accordingly. Allow them to switch roles so that each child in turn becomes motorist, cyclist, and pedestrian. Have different children operate the signal as well.

   Be sure to correct any failure to observe the signal.

3. Discuss what would happen if no one obeyed the traffic signal.

4. Have the children play a game called "Red Light, Green Light," in which they make their way from one end of the room to the other, proceeding when the traffic signal says "go" and freezing their action when the signal says "stop." (If a child moves, that child is out of the game.) Continue until only one child remains.

Pampagkatutong Layunin 4

Malalaman ng bata ang tungkol sa iba't ibang mga manggagawa sa sasakyan.

GAWAIN 7

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Banggitin ang kahit dalawang uri ng mga manggagawa sa sasakyan.
2. Sabihin kung ano ang ginagawa ng mga manggagawa.

Mga panuto

1. Magpalista sa mga bata ng mga manggagawang ang paglilingkod ay kailangan sa sasakyan tulad ng mga tumutulong sa paradahan, tumutulong sa estasyon ng gasolina, mekaniko, manggagawa sa pabrika, gumagawa sa daan, atbp.

2. Ipasagot sa mga bata ang bugtong tungkol sa mga manggagawa sa sasakyan. Halimbawa: "Nagmamaneho ako ng sasakyang maraming pasahero. May dalawa itong pinto. Mas malaki ito sa kotse. Humihinto akong madalas upang magsakay at magbaba ng pasahero. Sino ako?" (isang tsuper ng bus)

PAGTITINING NA GAWAIN

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Alamin ang wastong sagot sa isang larong hulaan.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Larawan ng subway tren, cable car, bus, trak, atbp. uri ng sasakyan

Mga panuto

1. Ipalaro sa mga bata ang hulaang Twenty Questions:

   a. Mag-tape ng larawan ng isang uri ng sasakyan sa likod ng isang bata. Maliban sa bata, lahat ay dapat makakita ng larawan.
   b. Sisikaping hulaan ng bata kung ano ang nakatape sa kanyang likod sa pagtatanong ng mga tanong na masasagot ng oo o hindi. Dalawampung tanong lamang ang maaaring itanong.
   c. Marahil kayo dapat ang unang magtanong upang ipakita sa mga bata kung anong klaseng mga tanong ang makatutulong sa paghula ng wastong sagot.

Learning Objective 4

The child will learn about different transportation workers.

ACTIVITY 7

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Name at least two kinds of transportation workers.
2. Tell what the workers do.

Instructions

1. Have the children develop a list of workers who perform services necessary to transportation. Include workers such as parking lot attendants, gas station attendants, auto mechanics, factory workers, and road construction workers.

2. Have the children solve riddles about transportation workers; for example: "I drive a vehicle which carries many passengers. It has two doors. It is larger than a car. I stop a lot to pick up and drop off passengers. Who am I?" (a bus driver)

CULMINATING ACTIVITY

Performance Objective

The child will be able to:
1. Deduce the correct answer to a guessing game.

Materials

Other 1. Pictures of subway train, cable car, bus, truck, and other forms of transportation

Instructions

1. Have the children play a modified Twenty Questions:

   a. Tape a picture of a form of transportation onto a child's back. Everyone except that child should view the picture.
   b. The child should try to guess what vehicle is taped to his/her back by asking questions answerable by yes or no of his/her classmates. Only twenty questions may be asked.
   c. You may wish to be the first one to ask questions in order to show the children what types of questions will help them deduce the correct answer.

YUNIT 2 :
Mga Pangangailangang Pandamdamin

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Kailangan ng tao ang pagmamahal at paggalang.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang pagmamahal at paggalang ay naipakikita sa maraming paraan.

UNIT 2 :
Emotional Needs

CONCEPTUAL STATEMENT I

People need love and respect.

CONCEPTUAL STATEMENT II

Love and respect are demonstrated in many ways.

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Kailangan ng tao ang pagmamahal at paggalang.

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata ang kahalagahan ng nasisiyahan sa sarili.

Mga Gawain 1 - 2

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata ang umunawa sa damdamin ng iba.

Mga Gawain 3 - 4

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT I

People need love and respect.

Learning Objective 1

The child will learn the importance of feeling good about him/herself.

Activity 1 - 2

Learning Objective 2

The child will learn to be sensitive to the feelings of others.

Activity 3 - 4

Culminating Activity

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata ang kahalagahan ng nasisiyahan sa sarili.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Magbigay ng dalawang dahilan kung bakit siya nasisiyahan sa sarili.
2. Magtipon ng isang aklat ng kaniyang mga nagawa.

Mga panuto

1. Talakayin ang iba't ibang paraan na ang isang bata ay masisiyahan sa kaniyang sarili, tulad ng pagtulong sa sinumang nangangailangan, matuto ng anumang bago, makatapos ng isang gawain, atbp.

2. Magbigay ng mga halimbawa kung bakit nasisiyahan ka sa iyong sarili. Pagkatapos ay lumibot sa silid, tanungin ang mga bata nang walang pinipili, kung bakit sila nasisiyahan sa kanilang sarili. Bigyan ang bawat bata ng kahit isang pagkakataon na makisali.

3. Pagawin ang bawat bata ng isang aklat tungkol sa kaniyang mga nagawa sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan ng mga bagay na nagawa niya, nabuo, natipon at naimbento.

   Upang wakasan ang bawat aklat, pagsabihin ang bawat bata ng isang kuwentong pinamagatang "Akong Walang Sinumang Nakaaalam."

4. Ipabahagi sa mga bata ang mga aklat at ipaliwanag kung ano ang nadarama nila sa bawat pahina.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin na ipinagmamalaki ng mga tao ang mga natatangi nilang talino.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Yashima, Taro. *Crow Boy.* New York: Viking Press, 1955.

Mga panuto

1. Basahin sa klase ang aklat na *Crow Boy* at talakayin:

   a. Ano ang ibig sabihin ng pangalang *Chibi*?
   b. May palayaw ka ba?
   c. Paano naiiba sa kaniyang mga kaklase si Chibi?
   d. Sa paanong paraan nilibang ni Chibi sa paaralan ang kaniyang sarili?
   e. Nadama mo rin ba ang nadama ni Chibi?
   f. Mayroon bang sinuman sa inyo na nakaliban ng isang araw sa pagpasok?
   g. Ano ang nalaman ni G. Isobe tungkol kay Chibi?
   h. Anong natatanging talino ang mayroon ka?
   i. Ano ang bagong pangalan ni Chibi? Bakit siya tinawag ng ganoon?
   j. Ano sa palagay mo ang nadarama ni Crow Boy tungkol sa kaniyang sarili ngayon?

Learning Objective 1

The child will learn the importance of feeling good about him/herself.

ACTIVITY I

Performance Objectives

The child will be able to:
1. State two reasons why s/he feels good about him/herself.
2. Put together a book of his/her accomplishments.

Instructions

1. Discuss the different ways a child can feel good about him/herself, such as helping someone in need, learning something new, and completing a task.

2. Give examples of why you feel good about yourself. Then go around the room, asking the children at random why they feel good about themselves. Give each child at least one chance to participate.

3. Have each child make a book about his/her accomplishments by drawing pictures of things s/he has done, made, collected, and invented.

   To conclude each book, have each child dictate a story called "The Me Nobody Knows."

4. Have the children share the books and explain how they feel about each page.

ACTIVITY 2

Performance Objective

The child will be able to:
1. State that people are proud of their special talents.

Materials

Other 1. Yashima, Taro. *Crow Boy*. New York: Viking Press, 1955.

Instructions

1. Read the book *Crow Boy* to class, and discuss:

   a. What does the name *Chibi* mean?
   b. Do you have a nickname?
   c. How was Chibi different from his classmates?
   d. In what ways did Chibi amuse himself at school?
   e. Did you ever feel the way Chibi felt?
   f. Did any of you ever miss a day of school?
   g. What did Mr. Isobe find out about Chibi?
   h. What special talent do you have?
   i. What was Chibi's new name? Why was he called that?
   j. How do you think Crow Boy feels about himself now?

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata ang umunawa sa damdamin ng iba.

GAWAIN 3

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Palawakin nang kahit apat na salita ang kaniyang pandamdaming talasalitaan.
2. Uriin ang mga salitang naglalarawan ng "mabuti" o "masamang" mga damdamin.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Mga papel na puno at bunga ng mansanas na inihanda ng guro

Mga panuto

1. Gumawa ng dalawang malaking puno ng mansanas mula sa papel-panggawain at ilagay sa paskilan. Gumawa rin ng mga tamang laki ng mga bunga ng mansanas mula sa papel-panggawain. Sabihin sa mga batang gagamitin nila ang mga puno at bunga ng mansanas upang ipakita kung ilang mga salita ang maaaring magamit upang ilarawan ang mga damdamin.

   Isulat sa isang bunga ng mansanas ang isang pang-uring naglalarawan ng mabuti o pasang-ayong damdamin. Ilagay ito sa isang puno. Pagkatapos ay sumulat na naman ng isang pang-uring naglalarawan ng masama o pasalungat na damdamin at ilagay ito sa isa pang puno.

   Pagbigayin ng iba pang mga pang-uri ang mga bata. Isulat ang bawat salita sa mansanas at ilagay sa tamang puno nito. Pagkatapos ng ilang mga salita, ipahambing sa mga bata ang isang puno sa pangalawa. Palagyan sa kanila ng pangalan ang mga puno, tulad ng "matamis na punong mansanas" at "maasim na punong mansanas."

2. Sa bawat gawain sa yunit na ito, balik-aralan sa mga bata ang mga salitang nagpapahayag ng mga damdamin. Pagdagdagin sila ng mga angkop na bunga ng mansanas sa isang puno at sa pangalawa.

3. Tapusin ang yunit sa pag-aalis ng mga bunga ng mansanas sa dalawang puno at paghaluin ang mga ito. Pagkatapos ay ipabalik sa mga bata ang mga bungang ito sa punong dapat kalagyan at gamitin nang tama ang bawat salita sa pangungusap.

GAWAIN 4

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Ipakita ang pakikiisa sa isang mandarayuhan, sa paglalarawan ng mga karanasang katulad ng sa bata.

Learning Objective 2

The child will learn to be sensitive to the feelings of others.

ACTIVITY 3

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Expand his/her affective vocabulary by at least four words.
2. Categorize "positive" descriptive words and "negative" descriptive words.

Materials

Other 1. Paper trees and apples prepared by the teacher

Instructions

1. Make two large apple trees out of construction paper and put them up on the bulletin board. Also make proportionately smaller apples out of construction paper. Tell the children that they will use the trees and apples to show how many words can be used to describe feelings.

   Write an adjective describing a good or positive feeling on one of the paper apples. Place it on one tree. Then write an adjective describing a bad or negative feeling and place it on the other tree.

   Ask the children to name other adjectives. Write each on an apple and place it on the appropriate tree. After a few words, ask the children to differentiate one tree from the other. Ask them to name the trees, such as "sweet apple tree" and "sour apple tree."

2. During each activity in this unit, review with the children words expressing feelings. Have them add apples to one tree or the other as appropriate.

3. Conclude the unit by removing all the apples from the two trees and mixing them up. Then ask the children to return the apples to the correct trees, and to use each word correctly in a sentence.

ACTIVITY 4

Performance Objective

The child will be able to:
1. Demonstrate empathy for an immigrant child by describing experiences similar to the immigrant's.

Mga kagamitan

AABC 1. Kuwentong-aklat, "Ang Pangalan Ko ay Lai-Fun"

Mga panuto

1. Basahin sa klase ang kuwentong-aklat na "Ang Pangalan Ko ay Lai-Fun." Talakayin ang mga karanasan ni Lai-Fun bilang isang bagong mandarayuhang mag-aaral sa Amerika.

2. Ganyakin ang mga batang ibahagi ang katulad na mga karanasan.

PAGTITINING NA GAWAIN

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Sumali sa pagsasadula ng isang kuwento.
2. Ilarawan ang mga bagong damdamin tungkol sa sarili o sa mga iba na naging bunga ng pagsasadula.

Mga kagamitan

AABC 1. Kuwentong-aklat, "Ang Pangalan Ko Ay Lai-Fun"

Iba pa 1. Yashima, Taro. *Crow Boy.* New York: Viking Press, 1955.

Mga panuto

1. Gumawa ng isang dula-dulaan batay sa alinmang aklat.

2. Ibigay ang mga papel na gagampanan sa iba't ibang mga mag-aaral at isadula ito.

3. Pagkatapos, talakayin ang mga bagong damdaming naranasan ng mga bata sa mga papel na ginampanan nila.

Materials

AABC 1. Storybook, "My Name is Lai-Fun"

Instructions

1. Read the storybook, "My Name is Lai-Fun," to the class. Discuss Lai-Fun's experiences as a new immigrant student in America.
2. Encourage the children to share similar experiences.

CULMINATING ACTIVITY

Performance Objectives

The child will be able to:

1. Participate in a dramatization of a story.
2. Describe new feelings about him/herself or others that result from the dramatization.

Materials

AABC 1. Storybook, "My Name is Lai-Fun"

Other 1. Yashima, Taro. *Crow Boy*. New York: Viking Press, 1955.

Instructions

1. Develop a simple play based on either book.
2. Assign roles to different students and enact the play.
3. Afterwards, discuss any new feelings the children may have experienced in their roles.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Ang pagmamahal at paggalang ay naipakikita sa maraming paraan.

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata kung paano naibabahagi ng mga miyembro ng pamilya ang pagmamahal at paggalang.

Mga Gawain 1 - 2

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata kung paano naibabahagi ng magkakaibigan ang pagmamahal at paggalang.

Gawain 3

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT II

Love and respect are demonstrated in many ways.

Learning Objective 1

The child will learn how family members share love and respect.

Activity 1 - 2

Learning Objective 2

The child will learn how friends share love and respect.

Activity 3

Culminating Activity

Pampagkatutong Layunin 1

Malalaman ng bata kung paano naibabahagi ng mga miyembro ng pamilya ang pagmamahal at paggalang.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin sa isang kuwento ang pagmamahal at paggalang sa mga miyembro ng pamilya.
2. Magkuwento tungkol sa isang minamahal at iginagalang na miyembro ng pamilya.

Mga kagamitan

AABC 1. Munting aklat, "Keiko" (175-176)

Mga panuto

1. Basahin nang malakas ang munting aklat na "Keiko." Talakayin ang kuwento, lalo na ang pagsasamahan nina Keiko at ng mga kapatid niyang lalaki. Ganyakin ang mga batang ibahagi ang katulad na mga gawain at damdamin tungkol sa isang kapatid o miyembro ng pamilya.

2. Tapusin ang gawaing ito sa pagpapadrowing sa mga bata ng larawan ng isang miyembro ng pamilya at pagpapakuwento ng tungkol sa relasyon niya sa kamag-anak na iyon.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang mga damdamin ng mga miyembro ng pamilya sa isa't isa, kapag binigyan ng isang set ng mga larawan.
2. Bumuo ng isang muntaklat tungkol sa kaniyang pamilya.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong lararwan, "Mga Pamilya" (177-180)

Mga panuto

1. Sabihin sa mga bata na tatalakayin ng klase ang mga damdamin sa mga miyembro ng pamilya. Maging maingat sa iba't ibang uri ng pamilya ng mga bata, tulad ng mga nag-iisang magulang na pamilya, pinalawak na mga pamilya, o mga foster na pamilya.

2. Itanghal at pag-usapan ang mga pampagtuturong larawang "Mga Pamilya."
   a. ama at anak (mga damdamin ng pagmamahal at pagkalinga)
   b. mga magulang sa isang seremonya ng pagkakaloob para sa anak (mga damdamin ng pagmamalaki)
   c. ina at anak na nagdadama (mga damdamin ng kasiyahan sa isa't isa)
   d. lola at apo (mga damdamin ng paggalang)

3. Pagtipunin ang mga bata ng simpleng muntaklat tungkol sa kanilang mga pamilya. Ilalaan nila ang isang pahina sa bawat miyembro ng pamilya, iguguhit ang larawan ng bawat isa at magsasabi ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa kaniyang damdamin sa kamag-anak na iyon. Upang lalong maging kanais-nais ang mga larawan, tulungan ang mga batang gamitin ang estrambre para sa buhok, papel-panggawain o mga retaso para sa mga damit, atbp. Ang ibang mga larawan ay maaaring gawin sa bahay sa tulong ng isang miyembro ng pamilya.

Learning Objective 1

The child will learn how family members share love and respect.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify love and respect among family members in a story.
2. Tell a story about a loved or respected family member.

Materials

AABC 1. Teaching Picture, "Keiko" (175-176)

Instructions

1. Read aloud the teaching picture, "Keiko." Discuss the story, especially the relationship between Keiko and her brother. Encourage the children to share similar activities and feelings about a sibling or family member.

2. Conclude this activity by asking the children to draw a picture of a family member and to dictate a story about his/her relationship with that relative.

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify how family members feel about each other, given a set of pictures.
2. Compile a booklet about his/her family.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "Families" (177-180)

Instructions

1. Tell the children that the class will discuss feelings among family members. Be sensitive to the different types of families that the children may have, such as single-parent families, extended families, or foster families.

2. Display and discuss the teaching pictures, "Families":

   a. father and child (feelings of love and care)
   b. parents at an awards ceremony for their child (feelings of pride)
   c. parent and child playing (feelings of mutual enjoyment)
   d. grandparent and grandchild (feelings of respect)

3. Have the children compile simple booklets about their families. They are to devote a page to each family member, drawing a picture of each one and dictating one or two sentences about his/her feelings toward that relative. To make the picture more interesting, help the children use yarn for hair, construction paper or cloth scraps for clothes, etc. Some of the pictures may be done at home with the assistance of a family member.

Pampagkatutong Layunin 2

Malalaman ng bata kung paano naibabahagi ng magkakaibigan ang pagmamahal at paggalang.

GAWAIN 3

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Magsabi ng mga maikling tula sa pagbubuo ng mga pangungusap na tulad ng "Ang kaibigan ay isang . . ."

2. Sabihin ang dalawang katangian ng isang mabuting kaibigan, tulad ng katapatan, kagandahang-loob, atbp.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Sino ang Isang Kaibigan?" (181-186)

Mga panuto

1. Kulayan, idikit at itanghal ang mga pampagtuturong larawan. Basahin nang malakas ang mga paliwanag at talakayin sa mga bata.

2. Pagsabihin ang mga bata ng mga maiikling tula tungkol sa mga kaibigan sa pagbubuo ng mga pangungusap na "Ang kaibigan ay isang..." Ilista lahat ang mga sagot sa pisara. Talakayin ang mga katangian ng isang kaibigan.

PAGTITINING NA GAWAIN

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Sabihin at ilarawan ang dalawang pista.
2. Sabihin kung bakit ipinagdiriwang ang mga ito.
3. Talakayin kung paanong ang pagmamahal at paggalang ay naibabahagi sa pamamagitan ng mga pagdiriwang ng mga pista.
4. Sumali sa isang pagdiriwang ng klase.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Panahon ng Pagdiriwang" (187-214)

Iba pa 1. Pranela, flannel board, gunting, mga pentel pen, glue

Para sa sanggunian ng guro

1. Miller, Nina. *Children's Festivals From Many Lands.* New York: Friendship Press, 1964.

Mga panuto

1. Ihanda ang mga pampagtuturong larawan sa pagkukulay, pagdidikit at paggugupit ng mga hugis. Lagyan ng pranela ang likod ng mga hugis.

2. Magkuwento ng isang pagdiriwang at ilarawan ito sa paglalagay ng tamang larawan sa flannel board.

Learning Objective 2

The child will learn how friends share love and respect.

ACTIVITY 3

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Dictate short poems by completing the sentence such as "A friend is someone who . . . ."
2. State two qualities of a good friend, such as loyalty, generosity, etc.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "Who Is a Friend?" (181-186)

Instructions

1. Color, mount, and display the teaching pictures. Read the captions aloud and discuss them with the children.

2. Ask the children to dictate short poems about friends by completing the sentence, "A friend is someone who . . ." List all the answers on the board. Discuss the qualities of a friend.

CULMINATING ACTIVITY

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Name and describe two holidays.
2. Tell why they are celebrated.
3. Discuss how love and respect are shared through the celebration of holidays.
4. Participate in a class celebration.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "Time for Celebration" (187-214)

Other 1. Flannel, flannel board, scissors, markers, glue

For teacher reference

1. Millen, Nina. *Children's Festivals from Many Lands.* New York: Friendship Press, 1964.

Instructions

1. Prepare the teaching pictures by coloring, mounting, and cutting out the figures. Back the figures with flannel.

2. Tell the story of one celebration and illustrate it by placing the appropriate pictures on the flannel board.

Itanghal ang ilang mga larawan. Papiliin ng isang pista o pagdiriwang ang mga magkukusa at ipalarawan ito na may angkop na mga larawan (kaarawan, Bagong Taon, Araw ng mga Ina, Araw ng mga Puso, atbp.).

Talakayin ang bawat pagdiriwang o pista, kasama ang kung bakit ito ginaganap, kailan, sino, ang mga damdamin ng mga nagdiriwang, atbp.

3. Tulungan ang mga batang magplano at magkaroon ng isang pagdiriwang ng klase para sa mga pamilya at kaibigan.

Display the other pictures. Ask volunteers to choose a holiday or celebration, and to illustrate it with the appropriate pictures, (birthday, New Year's day, Valentine's day, etc.)

Discuss each celebration or holiday, including why it is observed, when, and by whom.

3. Help the children plan and conduct a class celebration for families and friends.

YUNIT 3 :
Mga Pangangailangang Pangkapaligiran

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Bahagi ng kapaligiran ang mga nabubuhay na bagay.

PANG-ISIPANG PAHAYAG II

Bahagi rin ng kapaligiran ang mga bagay na walang-buhay.

PANG-ISIPANG PAHAYAG III

Ang mga nabubuhay at walang-buhay na bagay ay umaasa sa isa't isa.

UNIT 3 :
Environmental Needs

CONCEPTUAL STATEMENT I

Living things are part of the environment.

CONCEPTUAL STATEMENT II

Non-living things are part of the environment.

CONCEPTUAL STATEMENT III

Living and non-living things depend on one another.

PANG-ISIPANG PAHAYAG I

Bahagi ng kapaligiran ang mga nabubuhay na bagay.

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na ang mga halaman at mga hayop ay mga nabubuhay na bagay.

Mga Gawain 1 - 3

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata na ang mga halaman at mga hayop ay nagpaparami ng kani-kanilang uri.

Mga Gawain 4 - 5

Pampagkatutong Layunin 3

Malalaman ng bata na may mga tiyak na pangangailangan ang mga halaman at mga hayop.

CONCEPTUAL STATEMENT I

Living things are part of the environment.

Learning Objective 1

The child will recognize that plants and animals are living things.

Activities 1 - 3

Learning Objective 2

The child will recognize that plants and animals reproduce their own kind.

Activities 4 - 5

Learning Objective 3

The child will recognize that plants and animals have specific needs.

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na ang mga halaman at mga hayop ay mga nabubuhay na bagay.

GAWAIN 1

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Makilala ang pagkakaiba ng mga nabubuhay at walang-buhay na bagay.
2. Magsabi ng kahit tatlong walang-buhay na bagay at tatlong nabubuhay na bagay.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Iba-ibang nabubuhay at walang-buhay na bagay
2. Tunay na bulaklak at artipisyal na bulaklak, laruang hayop at buhay na hayop
3. Papel-panggawain, mga krayola

Mga panuto

1. Itanghal sa isang mesa ang mga halimbawa ng mga nabubuhay at walang-buhay na bagay para pag-aralan ng mga bata.

   Pagkatapos ay itanong:

   a. Alin sa mga bagay na ito ang buhay?
   b. Alin ang hindi?
   c. Paano mo masasabi?

Ipabukud-bukod sa mga bata ang mga bagay, sa pag-aayos ng mga nabubuhay na bagay sa isang dulo ng mesa at ang mga walang-buhay sa kabila. Sabihin sa mga bata na iyong mga bagay na buhay ang tinatawag na mga *nabubuhay na bagay* at iyong mga bagay na hindi ay tinatawag na mga *walang-buhay na bagay*.

Talakayin kung paano naiiba ang mga nabubuhay na bagay sa mga walang-buhay:

a. Ang mga hayop at halaman ay mga nabubuhay na bagay.
b. May mga tiyak na pangangailangan ang mga nabubuhay na bagay. Karamihan ay kailangan ang hangin, tubig, pagkain at liwanag ng araw.
c. Ang mga nabubuhay na bagay ay lumalaki at nagaanak ng iba pang tulad nila.
d. Nakagagalaw nang kanila ang ilang mga nabubuhay na bagay.

Sa talakayan, humingi at magbigay ng mga halimbawa na alam na alam ng mga bata.

2. Ipasyal sa labas ang mga bata at habang naglalakad ay pahanapin sila ng mga bagay na nabubuhay at walang-buhay. Sabihin sa kanilang tandaan ang higit na maraming bagay na makakaya nila. Pagtipunin sila ng ilang mga bagay sa daan, tulad ng mga kulisap, mga dahon, mga bato, atbp. Paminsan-minsan, ituro sa mga bata ang mga nabubuhay at walang-buhay na bagay. Sa pagbabalik sa klase, gumawa ng isang tsart ng karanasan, kasama ng mga bata. Itanong sa kanila ang mga nabubuhay at walang-buhay na bagay na nakita nila sa paglalakad. Ipasulat ang mga sagot nila sa isang malaking papel na panggupit na nakalagay ang pangalan ng bata kasunod ng kaniyang sagot.

Learning Objective 1

The child will recognize that plants and animals are living things.

ACTIVITY 1

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify living and non-living things.
2. Name at least three non-living things and three living things.

Materials

Other
1. Assorted living and non-living things
2. Real flower and artificial flower, toy animal and live animal
3. Construction paper, crayons

Instructions

1. Display examples of living and non-living things on a table for the children to observe.

   Then ask:
   a. Which of these things are alive?
   b. Which are not?
   c. How can you tell?

   Have the children classify the objects by arranging the living things on one end of the table and the non-living ones on the other. Tell the children that those objects that are alive are called *living* things, and that those objects that are not alive are called *non-living* things.

   Discuss how living things are different from non-living things:
   a. Animals and plants are living things.
   b. Living things have specific needs. Most need air, water, food, and sunlight.
   c. Living things grow and produce other living things like themselves.
   d. Some living things can move by themselves.

   During the discussion, ask for and give examples that the children are familiar with.

2. Take the children out for a walk during which they should look for living and non-living things. Tell them to remember as many things as they can. Have them collect a few things along the way, such as insects, leaves, rocks, etc.

   Now and then, point out living and non-living things to the children. Upon returning to the classroom, make an experience chart with the children. Ask them what living or non-living things they saw during the walk, and write their responses on a large sheet of butcher paper with the child's name next to his/her response.

Itanong sa mga bata kung aling mga bagay na nakalista sa tsart ng karanasan ang mga nabubuhay na bagay at alin ang mga walang-buhay. Patandaan sa kanila na karamihan, kung hindi man lahat, ng mga nabubuhay na bagay na inilista ay maaaring mga hayop o mga halaman.

GAWAIN 2

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang mga halaman bilang mga nabubuhay na bagay.
2. Kilalanin ang iba't ibang uri ng mga halaman.
3. Gumawa ng isang limbag-sining ng isang dahon o gulay.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Iba't ibang gulay, tulad ng labanos, ugat ng lotus, labong, mga sibuyas
2. Malalaking dahon (higit na mabuti kung sariwa, kahit isa para sa dalawang bata), luwad, baselina o langis na panluto, kiln
3. Papel-panggawain, pintura, brayer

Mga panuto

1. Itanghal ang iba't ibang uri ng prutas at mga larawan ng mga halaman na pinagkunan ng mga ito, tulad ng upo, dalanghita, mangga, litsiyas, atbp. Ang bawat prutas ay ipatapat sa mga bata sa larawan ng pinagkunan nito. Ganyakin ang mga mag-aaral na dalhin ang sarili nilang mga larawan upang ibahagi sa klase.

   Pagkatapos ng aralin, ipakain sa mga bata ang mga prutas.

2. Paminsan-minsan, dumalaw sa isang gulayan sa kapitbahayan. Subaybayan ang paglaki ng mga halaman sa halamanan. Ituro sa mga bata na lumalaki ang mga halaman. Ipalarawan sa mga bata ang mga pagbabagong napuna nila.

3. Biyakin sa gitna ang ilang mga prutas at hawakang nakataas sa harap ng klase. Ituro ang mga buto ng bawat prutas at itanong sa mga bata kung ano ang tutubo mula sa mga butong iyon. Maipakikilala na nito na lahat ng mga nabubuhay na bagay ay may mga supling na tulad nila, at ang mga buto ay mga batang halaman.

4. Talakayin sa mga bata kung bakit mga nabubuhay na bagay ang mga halaman:

   a. Ang mga halaman ay may mga pangunahing pangangailangan, tulad ng tubig, hangin, liwanag ng araw, at lupa.
   b. Nagsusupling ang mga halaman.
   c. Lumalaki ang mga halaman.

5. Nasisiyahan ang mga bata sa paggawa ng mga dahong-limbag at paggawa sa mga luwad. Magtipon ng mga malalaking dahon tulad ng maple o sycamore, at diinan nang ilang araw sa pagitan ng mga pahayagang pinatungan ng mabibigat na mga aklat o bloke. Magdiin ng kahit isang malaking dahon para sa bawat dalawang bata.

   Pahiran ng vaseline o salad oil ang mga diniinang mga dahon. Bigyan ang bawat bata ng ga-suntok na binolang luwad. Ipamahagi ang mga dahon. Ipapatag sa bawat bata ang bola ng luwad sa ugatang bahagi ng dahon. Hugisan ng mapurol na kutsilyo ang luwad sa paligid ng mga dulo ng bawat dahon. Pakikintabin ng mga bata ang mga luwad na dahon. Gatungan ang mga luwad na dahon sa hurnuhan. Ipapuna sa mga

Ask the children which items listed in the experience chart are living things and which are non-living things. Have them note that most, if not all, of the living things listed are either animals or plants.

ACTIVITY 2

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify plants as living things.
2. Distinguish among different kinds of plants.
3. Make an art print with a leaf or vegetable.

Materials

Other
1. Assorted vegetables, such as daikon, lotus root, bamboo shoots, onions
2. Large leaves (preferably fresh, at least one for every two children), clay, vaseline or salad oil, kiln
3. Construction paper, poster paints, brayer

Instructions

1. Display various kinds of fruits and pictures of the plants that are their sources, such as winter melon, mandarin oranges, mangoes, lychees, etc. Have the children attempt to match each fruit with the picture of its source. Encourage the students to bring their own pictures to share with the class.

   After the lesson, have the children eat the fruits.

2. At regular intervals, visit a vegetable garden in the neighborhood. Watch the progress of the plants in the garden. Point out to the children that plants grow. Have the children describe changes they may notice.

3. Cut several fruits in half and hold them up in front of the class. Point out the seeds of each fruit, and ask the children what would grow from its seeds. This will introduce the concept that all living things have offspring like themselves, and that seeds are "baby" plants.

4. Discuss with the children why plants are living things:

   a. Plants have basic needs, such as water, air, sunlight, and soil.
   b. Plants reproduce themselves.
   c. Plants grow.

5. Children enjoy making leaf prints and working with clay. Collect large leaves, such as maple or sycamore, and press for several days between newspapers placed under heavy books or blocks. Press at least one large leaf for every two children.

   Coat the pressed leaves with vaseline or salad oil. Give each child a ball of clay about the size of a fist. Distribute the leaves. Have each child flatten the ball of clay against the veined side of the leaf. Cut the clay around the edges of each leaf with a dull knife. Have the children glaze the clay leaves. Fire the clay leaves

bata na bagamat ang mga dahon ay mukhang magkakapareho, ang bawat isa ay may bahagyang pagkakaiba sa hugis at sukat.

6. Gumawa ng mga limbag na dahon sa mga gulay na tulad ng labanos, sibuyas, ugat ng lotus, labong at pipino. Pagulungan ng tintang panlimbag o pintura ang hiniwang bahagi ng gulay. Idiin ang tinintahang bahagi ng gulay sa isang pirasong papel. Itanong sa mga bata kung nakikilala nila ang iba't ibang mga gulay at ang kanilang mga limbag, at kung gusto nila o hindi ang mga gulay na iyon. Pansinin na ang mga gulay ay bahagi ng mga halaman.

GAWAIN 3

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang mga hayop bilang mga nabubuhay na bagay.
2. Ilarawan ang mga hayop na nakita niya.
3. Kilalanin na maraming iba't ibang uri ng mga hayop.
4. Gayahin ang mga galaw ng isang hayop.

Mga kagamitan

Iba pa
1. Kahon ng Mahiwagang Hayop (tingnan ang mga panuto)
2. Ilang maliliit na hayop
3. Mga larawan ng iba-ibang karaniwang mga hayop (kasama ang mga kulisap, mga reptilya, mga maaaring mabuhay sa lupa o sa tubig, mga ibon, at mga hayop na nagpapasuso)

160

Mga panuto

1. Itaas ang mga larawan ng mga kilalang mga hayop para makita ng mga bata. Ipakilala sa mga bata ang mga hayop.

   Talakayin sa mga bata kung bakit nabubuhay na mga bagay ang mga hayop.

   a. Ang mga hayop ay may pangunahing mga pangangailangan tulad ng hangin, tubig, pagkain, tirahan at liwanag ng araw.
   b. Nag-aanak ng tulad nila ang mga hayop.
   c. Di-tulad ng mga halaman, ang mga hayop ay nakagagalaw sa kanilang sarili.
   d. Lumalaki ang mga hayop.

   Sa pamamagitan ng talakayan, tulungan ang mga batang magpasiya na ang salitang *hayop* ay nauukol sa mga ibon, mga reptilya, mga maaaring mabuhay sa lupa o sa tubig, mga kulisap, at mga nagpapasuso. Talakayin ang iba't ibang uri ng mga hayop na kilala ng mga bata tulad ng mga matsing, pandas, mga butiki, koi, mga tigre, at kalabaw. Itanong kung anong uri ng mga hayop ang nakikita nila sa paligid ng kapitabahayan at anong uri ng mga hayop ang nagiging mabuting mga alagang hayop.

2. Gumawa ng Kahon ng Mahiwagang Hayop. Butasan nang maliliit ang mga tagiliran ng isang kahon ng sapatos. Gawing maliit ang mga butas upang hindi makita ng mga bata ang hayop o larawan ng hayop sa loob. Pangalanan ang kahon ng "?? Kahon ng Mahiwagang Hayop ??" at itanghal sa ibabaw ng isang mesa.

   Laruin ang larong pahulaan. Pagtanungin ang mga bata ng mga naglalarawang tanong tungkol sa mga

161

in a kiln. Have the children notice that although leaves may look similar, each is slightly different in shape and size.

6. Make vegetable prints with vegetables such as daikon, onion, lotus root, bamboo shoots, and cucumber. Roll water-based printing ink or poster paint on the cut side of the vegetable with a brayer. Press the inked vegetable on a sheet of paper.

   Ask the children if they recognize the various vegetables and their prints, and whether they like those vegetables. Note that vegetables are parts of plants.

ACTIVITY 3

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify animals as living things.
2. Describe animals s/he has seen.
3. Recognize that there are many different kinds of animals.
4. Mimic the movements of an animal.

Materials

Other 1. Mystery Animal Box (see instructions)
2. Several small animals
3. Pictures of assorted animals (including insects, reptiles, amphibians, birds, and mammals)

Instructions

1. Hold up pictures of familiar animals for the children to see. Ask the children to identify the animals.

   Discuss with the children why animals are living things:

   a. Animals have basic needs, such as air, water, food, shelter, and sunlight.
   b. Animals reproduce their own kind.
   c. Unlike plants, animals can move about by themselves.
   d. Animals grow.

